Walk with me

# Magkakasamang Sumunod sa Kanya

WEEK 1

## WARM-UP

- Kung pwede mong makasama ang isang sikat na tao o taong hinahangaan mo nang buong araw, sino ang gugustuhin mong makasama at bakit?
- Ano ang isang bagay na sa palagay mo ay magpapakumpleto sa buhay mo kung mayroon ka nito?
- Isipin ang isang bagay na napilit ka ng isang tao na bilhin o gawin. Ano ito at bakit mo pinaniwalaan ang taong ito?

## WORD

*[10]Namangha rin sina Santiago at Juan na mga anak ni Zebedee, na mga kasosyo ni Simon. Sinabi ni Jesus kay Simon, "Huwag kang matakot. Mula ngayon, hindi na isda ang huhulihin mo kundi mga tao na upang madala sila sa Diyos." [11]Nang maitabi na nila ang kanilang mga bangka, iniwan nila ang lahat at sumunod kay Jesus.* **LUCAS 5:10–11**

Ang pagiging Kristiyano ay mahirap at dahil ito sa lahat ng kinakaharap nating mga matitinding laban sa buhay at sa maraming bagay na kailangan nating gawin para sa ating mga pamilya, sa trabaho o eskwela. Kaya nga't nakakatukso minsan na pumunta ng iglesya nang hindi makikibahagi sa mga gawain at iba pang mga aktibidad sa iglesya. Ngunit ano nga ba talaga ang ibig sabihin ng pagiging tagasunod ni Cristo? Paano nito naaapektuhan ang ating mga buhay at mga ugnayan? Tingnan natin ang buhay ng mga disipulo, kung paano lumago ang kanilang ugnayan kay Jesus habang ibinubukod Niya sila at tinawag na sumunod sa Kanya. Ano ang ibig sabihin ng pagsunod kay Jesus at pamumuhay kasama Niya?

## 1 Ang pagdidisipulo ay nagsisimula sa pagtawag sa atin ni Jesus tungo sa Kanyang Sarili.

*. . . Sinabi ni Jesus kay Simon, "Huwag kang matakot. Mula ngayon, hindi na isda ang huhulihin mo kundi mga tao na upang madala sila sa Diyos."* **LUCAS 5:10**

Nabalitaan na malamang ni Simon, na kilala din bilang si Pedro, at ng iba pang mga disipulo ang tungkol kay Jesus at ang mga himalang Kanyang nagawa. Naniwala sila na Siya ang ipinangakong Mesias, ang Banal na Diyos. Isang natatanging pribilehiyo ang malapitan ni Jesus habang ginagawa Niya ang Kanyang paglilingkod. Pagkatapos umakyat sa kanilang mga bangka at tulungan silang makahuli ng *napakaraming isda*, inanyayahan sila ni Jesus na sumunod sa Kanya at makiisa sa Kanyang paglilingkod. Ito na ang pagkakataon nila na makilala si Jesus, kung sino Siya, at kung ano ang magagawa Niya, at makita kung paano maisasakatuparan ang pangako ng Diyos kay Jesus. Personal silang inanyayahan na malapitang sumunod kay Jesus, at ang iba pa nga sa kanila ay pinili talaga na maging mga apostol Niya (Lucas 6:13–16). Tulad nito, ang pagtawag sa atin na maging mga disipulo ni Jesus ay isang tawag na makipag-ugnayan kay Jesus. Balikan ang panahong tinawag ka ni Jesus sa Kanyang Sarili. Ano ang naging dahilan ng desisyon mong sumunod sa Kanya?

................................................................

................................................................

................................................................

## 2 Ang pagsunod kay Jesus ay nangangahulugan nang pagpapahalaga sa Kanya nang higit pa sa anumang bagay.

*Nang maitabi na nila ang kanilang mga bangka, iniwan nila ang lahat at sumunod kay Jesus.* **LUCAS 5:11**

Tumugon ang mga disipulo sa paanyaya ni Jesus nang walang pag-aalinlangan. Binigyang-diin pa nga ng ibang mga Ebanghelyo na *iniwan nila agad* ang kanilang mga bangka upang sumunod sa Kanya (Mateo 4:20). Tila wala

ito sa katwiran. Pangingisda halos ang alam gawin ng mga disipulo. Kung wala ito, hindi sila magkakaroon ng matatag na hanapbuhay para sa kanilang mga pamilya. Ngunit sa isang salita ni Jesus ay iniwan nila ang lahat. Nakita at nakatuon sila hindi sa kung ano ang maaaring mawala sa kanila kundi kung sino ang maaari nilang makamit. Kung itatapat kay Jesus ang lahat ng mga bagay—ang ating mga pagnanais, ang ating mga pangangailangan—ang lahat ng ito ay mawawalan ng kahalagahan. Hindi madali ang sumunod kay Jesus, ngunit Siya ay karapat-dapat. Ano ang sinasabi ni Jesus sa Lucas 18:28–30? Ano ang sinasabi ng talatang ito tungkol sa pagpapahalaga kay Jesus at sa Kanyang kaharian nang higit pa sa anuman o sinuman sa buhay na ito?

## 3 Sinusunod natin si Jesus bilang isang kumonidad.

*Nang maitabi na nila ang kanilang mga bangka, iniwan nila ang lahat at sumunod kay Jesus.* **LUCAS 5:11**

Bagama't ang paanyayang ibinigay ni Jesus sa mga nauna Niyang disipulo ay personal, malinaw na ito rin ay pangkomunidad. Sa kabuuan ng paglilingkod ni Jesus kasama ang Kanyang mga disipulo, magkakasama silang sumusunod sa Kanya at gumagawa ng mga bagay. Ang paglalakbay nila kasama si Jesus ay isinabuhay nila sa isang komunidad. Nakita nila kung paano makitungo si Jesus sa bawat isa sa kanila at kung paano tumutugon ang bawat isa kay Jesus. Kahit ang mga aral na itinuro ni Jesus sa kanila ay isang karanasan na sama-sama nilang pinagdaanan. Ang pagsunod kay Jesus ay isang paglalakbay na bahagi ng paglalakbay ng iba. Paano ito naging totoo sa buhay mo? Ano ang natutunan mo sa pagbabahagi mo ng iyong buhay sa iba pang mga tagasunod ni Jesus?

## APPLICATION

- Bakit mahalaga na magkaroon tayo ng personal na ugnayan kay Jesus? Anong mga hakbang ang pwede mong gawin upang lumago at mas sadyain ang paglago ng iyong ugnayan sa Kanya?
- Ano ang ilang mga bagay na isinuko mo upang sumunod kay Cristo? May mga bagay pa ba na kailangan mong isantabi upang pahalagahan si Cristo nang higit sa lahat? Paano makakatulong ang pinag-usapan ngayon para magawa mo ito?
- Sino ang kasama mo sa pagsunod mo kay Jesus? Kanino mo maipapaabot ang paanyaya ni Jesus na sundin Siya? Sa paanong paraan mo matutulungan ang taong ito na simulan ang kanyang paglalakbay sa pagiging isang disipulo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa personal Niyang paanyaya na makilala Siya at maglakbay kasama Siya sa pamamagitan ni Cristo. Ipanalangin na maging sensitibo ka sa Kanyang Espiritu habang intensyonal mo Siyang kinikilala at lumago ka sa ugnayan mo sa Kanya.
- Hilingin sa Diyos na buksan ang iyong mga mata sa mga bagay na maaaring pinahalagahan mo nang higit pa kay Cristo. Ipanalangin na magkaroon ka ng kakayahang pahalagahan si Cristo nang higit pa sa lahat sa iyong mga pag-iisip, salita, at gawa.
- Pasalamatan ang Diyos para sa mga taong inilagay Niya sa iyong buhay. Ipanalangin na matulungan ninyo ang isa't isa na sumunod kay Jesus at sama-sama kayong manghuli ng mga tao.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leonardo Angcajas Jr., Chrysse Manuel-Pili

victory.org.ph